# Sa Labas ng Sinehan ni Sy at Telebisyon ni Lopez: Ang Indipendiyenteng Pelikula't Dokumentasyon sa Pilipinas ng Sine Patriyotiko

*Michael Francis C. Andrada*

Rebyu ng ***UP Not for Sale, Mula 3rd Ave. Hanggang sa Dulo, Sila'y Anak N'yo Rin at Kasama,*** and ***Aklasan: Welga at Masaker sa Hacienda Luisita***, Sine Patriatiko (SIPAT), 2004




---

Hindi maikakailang ang pampublikong midya at pamamahayag ay malalaking negosyo. Ang iilang negosyante sa Pilipinas tulad ni Henry Sy at ng pamilyang Lopez ay ang sa kalakha'y lumilikha at nagdedesisyon kung anu-anong balita, aliw, at diskurso ang padadaluyin sa dyaryo, radyo, telebisyon, sinehan, at internet. Ang kanilang gahum o *hegemony*, samakatwid, ang pinananaig na *schema* na pangkasaysayan, pangkultura, at pambansa.

Kung kaya ang pagsulpot at pananatili ng mga grupo't kolektibo ng mga kritikal na *independent filmmaker* at mamamahayag sa Pilipinas ay mayroong anti-hegemoniko o subersibong lapit na mababasahan di lamang ng interpelasyong kontra-kultural kundi ng mismong nosyon ng pag-aakda ng bansa bilang bahagi ng proyektong makabayan.

Sa ganitong linya maisisinulid ang pagtatangka ng Sine Patriyotiko o SIPAT, isang *non-profit* na grupong pangmidya, sa kanilang mga proyektong ***UP Not for Sale*** (2004), ***Mula 3rd Ave. Hanggang Dulo*** (2004), ***Silang Anak N'yo Rin at Kasama*** (2004), at ***Aklasan: Welga at Masaker sa Hacienda Luisita*** (2004). Ang mga dokumentaryo't maikling pelikulang ito ay kakikitaan ng biswalisasyon ng mga isyu't kaganapang sosyal at

panlipunan na di mamamasdan sa *mainstream* at komersyal na midya. O kung tatangkain mang paksain ang mga ito ng mainstream na midya, halimbawa ang *reportage* ng ABS-CBN sa naganap na masaker sa Hacienda Luisita, nagsisilbi ito para sa interes ng naghaharing uri.

Circa 1970s pa lamang ay mayroon ng independent filmmakers na nagsilbing kontra-puntal sa mainstream na midya. Sa tradisyong ito, sa pamamagitan ng biswal na magnipikasyon at lengguwaheng sinema, ang alternatibong ideolohikal at geopulitikal na pagsusulat at pag-aakda ng lipunan ay malikhaing nailalapit sa mamamayan. Mula sa mabibigat at higanteng kamerang *manual* hanggang sa kasalukuyang pagkalulong sa *digital handycam* at *phonecam*, ang nagbabagong teknolohiya ng produksyon ay nagbunsod ng mas aktibong paghuli (*capture*) ng mga imahe't imahen ng buhay ng mamamayang Pilipino. Ayon kay Burton (1977):

> Each film emerges out of and is directed toward a particular historical, social, political, and cultural context. The revolutionary nature of any film .... is in large part determined by its mode of production and its mode of distribution, by the human relations that brought the film into being and the human responses it engenders as it interacts with its intended audience (37).

Samakatwid, ang biswalisasyon at sinematisasyong ginawa ng SIPAT hinggil sa mga isyung sosyal at pulitikal ay naghulas ng mga dokumentaryo't pelikulang rebolusyunaryo't kritikal – at sa akto't produksyong ito'y may layong sipatin ang kalabang uri ng nakararami. Kung aaraling mabuti, ang proyekto ng digitalisasyon ng mga "batayang problema ng lipunan" ay mas paglalantad ng kabulukan ng estado sa panahon ng huli at nabubulok na yugto ng kapitalismo. Ang teknolohiya ng kapitalismo, ang teknolohiyang digital ng panahong ito, ay nagiging rebolusyunaryong kasangkapan laban sa lisyang kamalayang (*false consciousness*) pinananatili ng estado.

## Kontra-Puntal at ang "Tensyonadong" Pelikulang-Iglap

Higit pa rito, ang ganitong kritikal na tradisyon ay maiaangkas hindi lamang sa "pagsipat" kundi sa mismong "pag-asinta" sa dominanteng lengguwahe ng mainstream na midya. Ayon kay San Juan (n.d.):

> It is one thing to demistify the language of domination, another to eliminate the structures whereby language produces effects in the lived experiences of humans. Can re-reading change the oppressive structures and institutions of social relations? (60)

Ang tanong ni San Juan ay magandang pagtuunan bilang hermenyutikong lapit sa pag-aaral ng relasyong pangkapangyarihan ng mainstream na pamamahayag at ng nabanggit na mga dokumentaryo't maikling pelikula, at ng diskursong kontra-puntal ng huli. Makikita sa pahayag ni San Juan na di sapat ang akto ng muling-pagbasa (*re-reading*) sa mga produksyon ng mainstream na midya upang baguhin ang relasyong ito at ang mga istrukturang pangkapangyarihang dominante sa bansa.

Samakatwid, may pangangailang para sa mga produksyong alternatibo sa mainstream o di kaya'y kritisismo nito, at higit pa rito'y ang pangangailangan para sa dokumentasyon ng reyalidad ng nakararami at ang presentasyon ng solusyon sa mga isyung sosyo-pulitikal. Makikita ang ganitong layunin sa mga dokumentaryo ng SIPAT.

Halimbawa, mapapansing tensyonado ang kalakhan ng dokumentaryong ***Aklasan***. Literal na "nanginginig" ang biswal na kuha sa maraming eksena nito, mula sa tagpo ng "negosasyon" sa pagitan ng mga welgista at ng mga militar hanggang sa pagtakbo ng mga manggagawang-bukid dahil sinimulan silang paulanan ng bala ng mga militar.

Mamamasdang ang espasyong nakuhanan ng *video* ay tensyonado, mabilis, at nanginginig. Palikaw-likaw ang pagtakbo ng mga tao, maging ng may bitbit ng kamera, kung kaya maraming



Isang eksena mula sa pelikulang ***UP Not for Sale*** (2004).

tagpo kung saan mga nagmamadaling binti't paa ang nahuli ng kamera. Dahil sa tagpong iyon, kabilang o nakikiisa ang nagsasagawa ng dokumentaryo sa *plea* ng mga manggagawang-bukid. Mapapansin ring higit na nanginginig ang biswalidad sa aktong kinukunan ang mga naghihingalong tinamaan ng bala at, sa kalaunan, ang mga naghihinagpis sa ibabaw ng kabaong ng napuntirya ng bala.

Ganung tensyon rin ang masasapo ng mata sa ***UP Not for Sale***, isang dokumentaryo hinggil sa komersyalisasyon ng edukasyon, partikular sa *state colleges and universities* (SCUs) tulad ng Unibersidad ng Pilipinas. Tulad ng ipinamalas sa ***Aklasan***, nahuli sa ***UP Not for Sale*** ang tensyon sa pagitan ng raliyista at ng marahas na institusyon ng koersyon (*coercion*) ng estado: ang pulis at militar. Gayundin ang tipo ng eksena ng negosasyon, ng pambabatuta ng pulisya sa mga raliyista, at ng isinagawang *"lie-in"* o paghiga ng mga raliyista upang harangan ang "tumatakas" o "umiiwas" sa dayalogo (hinggil sa komersyalisasyon ng UP sa pamamagitan ng Senate Bill No. 2587 o UP Charter Change) na si Sen. Kiko Pangilinan.

## Trahedya ng Tensyon at *Amorphous*

Magkaiba ang "tensyong" nahuli ng kamera sa ***Aklasan*** at ***UP Not for Sale*** sa "tensyong" nahuli ng kamera ng mainstream midya. Sa una, makikita ang "tensyon ng pakikiisa" samantalang sa pangalawa ay ang tensyong bahagi lamang ng trabaho ng *mediamen*.

Nangangahulugan ito na hindi maiiwasan ang tensyon dahil nakabulid ito sa relasyong pang-ekonomiya ng isang tagapagdokumento sa nagpapasahod sa kaniya.

Samakatwid, ang tensyong nakukuha ay nagiging "*big catch*" o "*exclusive footage*" na ginagawang kapital ng isang media *mogul*. Dahil ang mga *television network*, sa partikular, ay may kakayahan para sa "*self-advertising*" at "*self-glorification*," ginagamit rin nito ang mga "tensyonadong exclusive footage" bilang paglalagay sa kanila bilang "Bantay ng Bayan," "Kapamilya," at "Kapuso."

Sa puntong ito, nililinlang ang manonood na ang ganitong klase ng "vanguardismo" ng mga media mogul ay nakaangkla sa *service-oriented* na programa nila. Sabi nga ni Lukacs (1994):

> "Its hegemony is exercised not merely by a minority but in the interest of that minority, so the need to deceive the other classes and to ensure that their class consciousness remains amorphous is inescapable for a bourgeois regime" (44-45).

Ganitong diktum ang binabalikwasan ng ***Mula 3rd Ave. Hanngang sa Dulo*** at ng ***Silang Anak N'yo Rin at Kasama***. Ang una'y hinggil sa tatlong kabataang naninirahan sa isang komunidad ng maralitang tagalungsod, kulturang gangsterismo, at uring lumpen. Ang ikalawa'y hinggil sa mga *desaparecido*, biktima ng *salvaging*, at mga kabataang lumalahok sa armadong pakikibaka. Malimit, ang pagpokus ng mainstream midya sa mga tauhan sa



Mga kabataan sa pelikulang ***Mula 3rd Ave. Hanggang sa Dulo*** (2004).

mga dokumentaryong ito ay bilang mga latak lamang ng lipunan – na nangangailangan ng rehabilitasyong kontrolado ng estado at simbahan. Pinananatiling *amorphous* ang uri – walang katiyakan, laging problematiko, sinusubuan ng mga lisyang pangako at pag-asa – upang sa huli ay mapanatiling "iba" sila at pinananaigan ng iilan.

Ngunit tulad ng mga organikong intelektuwal na tumulong sa tatlong kabataang lumpen upang maging "organisado't kritikal," bitbit ng mga naturang dokumentaryo't maikling pelikula ang pasaning dantaon nang nakadagan sa nakararami. Ang digitalisayong ito, hindi man maipalabas sa ngayon sa mga sinehan ni Henry Sy o hindi man pagdamutan ng transmiter ng pamilya Lopez, ay tulad ng mga "piniratang" VCD o DVD sa Quiapo at Divisoria. Hahapon sa mga tahanan, dadaong sa mga paaralan, at dudungkal nang malalim sa kolektibong *psyche* ng mamamayan.

## Talasanggunian

Burton, J. (1977). Politics and the documentary in people's Chile: An interview with Patricio Guzman on 'The battle of Chile.' Nasa *Socialist revolution*. 7 (5). California: Agenda Publishing Co.

Lukacs, G. (1994). Class consciousness. Nasa Eagleton, T. (Ed.). *Ideology*. London: Longman Group UK Limited.

San Juan E. Jr.. (n.d.). Culture and freedom in late capitalism. Nasa Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Kolehiyo ng Arte at Literatura at Kolehiyo ng Agham. 49 (3-4). Unibersidad ng Pilipinas. *Diliman Review*. Quezon City.

***Michael Francis C. Andrada** is an instructor at the Department of Filipino and Philippine Literature, College of Arts and Letters, University of the Philippines (U.P.) in Diliman where he teaches literature, popular culture and sexuality. He was cultural editor of the Philippine Collegian and was writing fellow of U.P., Ateneo de Manila University, De La Salle University, and Iligan University for his short stories, poems and short plays.*